



# ANG PAGKABILANG SA PAMAYANAN

## PREAMBLE

Ang dokumentong niratipikatihan sa Ist International Meeting of Marianist Lay Communities ( Santiago, Chile 1993) ay sumasangguni sa buhay ng komunidad ng MLC's. Sa dokumentong ito, “ ang pagkabilang sa pamayanan, nagkaroon kami ng pagkakakilanlan at ang aming espiritualidad.

Dagdag pa rito, ito ay sumasalamin sa aming karisma bilang mga Marianista na siyang napagkasunduan sa naganap na pagpupulong nuong ikalawang international meeting na ginanap sa Liria, lungsod ng Espanya.

Ang pagkakabilang sa isang pamayanan, ay isang eomportanteng aspeto ng karisma ng mga Marianist datap'wat naglalarawan ito n gaming espiritualidad. Sa dokumento ring ito, aming nililinaw, pinapahayagan, at inihahanda ang mga kasalukuyan at darating pa'ng myembro ng MLC, sa kanilang pagharap sa mga pagsubok na kanilang daratnan.

Ang mga MLC's ay nagmula sa mga pamayanang nasimulan sa Pransya nina William Joseph Chaminade, kasama ni Adele de Batz de Trenquellion at Marie therese de Lamurous,na nagsilbing pundasyon sa kasalukuyang pamilyang Marianista sa gabay ng Panginoon at pakikipagkaisa kay Maria, ating Ina. Ang bokasyon ng Marianista ay nagsimula sa mga grupo. Ang Pamayanan ay siyang naging sentro ng mga tagapagtaguyod nito sa Bordeaux Sodality at siyang kanilang ginawang pamamaraan upang makapagbahagi maparami ang mga komunidad. Sa ngayon, kinikilala ng simbahan ang MLC's bilang mga pribadong sector ng mga mananampalataya na may karapatanng pandaigdigan, na makikita sa buong mundo at sumsalamin sa ibat-ibang pamamaraan ng simbahan ngayon. Sa panahon kung saan ay may globalisasyon, paglalaban-laban, at pagkamatakaw sa pag-asenso, kinakailangan natin ang isang komunidad, isang malinaw at madaling makitang lugar na tumutugon sa mga pangangailangan ng ordinaryong mamamayan upang baguhin ang mundo at siyang sasalamin sa kalaliman ng ating pananampalataya.

Kami ay kasapi rin ng isang simbahan kung saan ang mga layko ay may responsibilidad sa misyon ng simbahan upang maidala ang Salita ng Diyos sa lahat ng tao. Habang aming kinikilala ang pagtugon ng simbahan sa realidad ng mundo ngayon, ang aming pinagtutuonan ng pansin ay ang simbahan mismo ay may pagkakahati-hati at di pagkaka-unawaan. Ang mga MLC's ay tumutugon sa mga pagsubok na ito sa gabay ng mensahe ni Father Chaminade.

Ang dokumentong ito ay ipapaliwanang sa limang aspeto. Hindi lamang kami nagpapahayag kung ano ang kahulugan ng aming pagkakkilanlan kung hindi mabigyang linaw din kung pano namin ito isinasabuhay.,



## 1. KAMI AY ISANG PAMAYANANG MAY PANANAMPALATAYA

- 1.1. Kami ay naniniwala na may kaligtasan, kalayaan, at hustisya sa pamamagitan ng komunidad. Ang “trinitarian community” ---- ang may likha, ang tagapagligtas at ang nanalangin--- ay isang modelo o mgandang halimbawa ng komunidad na lumalago, nagkaka-isa at bukas sa pagbabago. Sa pamamagitan ni Kristo aming kinikilala ang iba bilang aming mga kapatid, kasama ni Maria sa paglalakbay ng sangkatauhan ng Diyos.
- 1.2. Ang aming buhay sa komunidad ay nagbibigay buhay sa aming pananampalataya kay Maria at sa aming pagsunod sa turo ng aming tagapagtaguyod. Kami ay mga komunidad na naubuhay sa aming pakikipagka-isa kay Maria ayon sa pananaw ng aming mga tagapagtaguyod. Kami ay komunidad na nabubuhay sa espiritu at turo ni Maria.
- 1.3. Pinili namin ang pananampalataya bilang sentro ng aming buhay. Kami ay nanniwalang ang pananampalataya ay personal at may buhay komunidad at iyan ang aming nais na maibahagi sa iba.
- 1.4. Nakaugat kami sa Ebanghelyo at nakikinig sa Salita ng Diyos. Kailangan naming ang isa’t-isa upang magkasamang maipahayag ang Mabuting Balita. Ang aming pananampalataya ay dapat na pag-isipan, bigyang-buhay, ipinagdiriwang, at isinasabuhay sa isang pamayanan.
- 1.5. Para sa amin, ang komunidad ay dinaranas bilang isang grasya at Gawain. Ang komunidad ay tinawag ng Espiritu, at di lamang ating sariling gawa. Kinikilala naming ito bilang isang panwagan ng Espiritu, bilang bokasyon, at isang panghabambuhay na pag-aalay ng sarili.
- 1.6. Ang mga relasyon sa maing komunidad ay maiintindihan lamang at maisasabuhay sa pamamagitan ng pagkakaintindi mismo kung ano ang isang komunidad bilang isang sakramento sa presensya ng Panginoon at bilang pagpapakita ng pagtitiwala at pagmamahal sa bawat isa. Kung may pagtitiwala, kami ay makakapag-usap ng maayos, makakaya ang mga di pagkakaintindihan, at madiskubre ang pagpapatawad, pagbabalik loob, pag-aalay, at pag-ibig na kinakailangan upang kami ay mabuhay sa isang komunidad at sa lahat ng aspeto nito.
- 1.7. Ang pagkakabilang sa isang komunidad ay s’yang pinanggagalingan ng saya habang aming dinaranas ang presensya ng Diyos at ang mga simblolo ng kanyang walang kamatayang pag-ibig.
- 1.8. Kami ay kasapi ng simbahan. Dinaranas namin ang pagkabilang sa simbahan sa lokal o national man na antas. Aming iniaalay ang aming mga karanasan sa buhay ng isang komunidad at kami ay kanyang ipinapadala sa anumang misyon.



## 2. KAMI AY ISANG PAMAYANAN NG BUHAY

- 2.1. Kami ay isang komunidad ng mga babae't lalake na nanggaling sa ibat-ibang sulok ng daigdig, nabubuhay sa ibat-ibang kultura. Iba-ibang edad, personalidad, estado sa buhay, trabaho at gusto. Kami ay nakatuon sa iba't-ibang aspeto ng aming buhay: personal, sosyal, politikal, at pang-ekonomiya.
- 2.2. Ang komunidad ay nakatayo sa isang malayang kontitasyon na pagbibigay sa sarili ng bawat kasapi nito na sumapi sa mga komunidad at tumulong dito.
- 2.3. Ang pinaka-kongkretong pagpapahayag ng isang komunidad ay ang pagkakaroon ng mga pagpupulong, pagdiriwang. Ang mga myembro ay nagtitipon-tipon na kabilang sa isang komunidad.
- 2.4. Kami ay sabay nananalangin upang palakasin ang samahan. Sa mga ibang pagtitipon-tipon, aming binabago ang aming pag-aalay sa pamamagitan ng pagdiriwang sa Banal na Eukaristiya.
- 2.5. Ito ay isang bahagi na ng aming buhay. Ang aming komunidad ay makikilala na may iisang Espiritualidad at magkatulong na pagdedesisyon sa bawat kasapi nito. Sa pamamagitan nito, kami ay naiiba sa mga grupong nagbibigay lamang ng panandaliang pagpapahayag at nagbibigay ng lunas sa bawat gawin nito.
- 2.6. Nag-iisip ang bawat komunidad at kung papa-ano nito palaguin ang karakter ng mga magagandang kaugalian bilang Marianista sa saril nitong konteksto.
  - 2.6.1. Ang aming komunidad ay mapagbigay. Niirespecto naming ang bawat tao at kami'y bukas sa ano ma'ng pagbabago. Aming iniimbitahan at tinatangap ang bawat bagong myembro at bisita ng buong kagalakan.
  - 2.6.2. Ang aming komunidad ay maaring maging pagmumunihan ng personal o pangpamayanang pagsapi, buhay, at ministeryo, sa gabay ng mensahe ng Ebanghelyo at karisma ng Marianista. Aming pinapahalagahan ang anuman pagbabago at pag-aaral sa bawat talenong bigay ng Panginoon. Ang bawat isa o bilang isang komunidad ay may sagot sa anumang pagbabago at maging isa, responsable at Malaya.
  - 2.6.3. Ang aming komunidad ay sumusporta at nagpapadala ng mga myembro sa kanilang mga ginagawa bilang serbisyo at sa kanilang pagpapahayag sa paghahari ng Panginoon.
  - 2.6.4. Sa komunidad, kami ay nagkakaroon ng mapg-isip ng konsensya at natututo ng mga importanteng talento; mga pamamaraan ng pagsimula ng isang komunidad, mga sosyal at pangrelihiyosong pananaw —pinag-iisipan ang mga “pagbabago



ng panahon”— at mga pamamaraan sa iba’t-ibang ministryo at makibaka para sa hustisya at kapayapaan sa pangkalahatan.

2.6.5. Ang aming komunidad ay tumutulong sa iba’t ibang aspeto ng buhay layko at sinusunod ang aming pagsamba sa Diyos. Ang aming pang-araw-araw na buhay, kasama ang mga pagsubok at mga pangyayari ay syang aming saksi ng pananampalataya sa pagsunod kay Kristo sa aming Espiritualidad bilang Marianista.

2.6.6. Ang aming komunidad ay isang simbolo ng pag-asa at pagkawalang bahid, pagkapantay-pantay, at solidaridad sa mundo ngayon. Nakadukob kami sa katapangan ni Maria, kung saan kanyang tinugunan ang mga makamundong gawa at binago tayo na may pag-asa at pagkawalang bahid at solidaridad.

### **3. KAMI AY ISANG PAMAYANANG NAGTATAYO NG MGA PAMAYANAN**

- 3.1. Inaanyayahan at tinutulungan ang mga taong mamuhay sa pananampalataya sa isang komunidad ay siyang aming pamamaraan ng pagpapahayag at epektibong pagbabago sa antas ng sosyudad.
- 3.2. Ang bawat bagong komunidad ay nagkakoon ng sariling buhay ng pagdarasal, pagdiriwang, pagsuporta, pagiging saksi, at tugon sa sosyudad. Sa kanilang pagbabago bilang isang komunidad, ito ay kadalasang ginagabayan ng mas malaking komunidad ng Marianista, ng isang layko o relihiyosong kasapi nito.
- 3.3. Habang gumagawa ng isang kulturang Marianista, ipinagdiriwang ng bawat komunidad ang kagandahan ng mga pagbabago sa pamamagitan ng kakaibang mga tradisyon at simbolo.
- 3.4. Ang bawat komunidad ay binubuo ayon sa laki at mga gawain nito. Bawat isa ay may pansariling pamumuno, pinag-isipan at pinag-usapan ng bawat kasapi nito. Ang pamumuno ay tumutugon sa pagbabago ng pananampalataya, pormasyon, pagbibigay, at aksyong sosyal.
- 3.5. Ang mga komunidad ay may kanya-kanyang panggastos at handang magbigay sa bawat pangangailangan ng komunidad. Bilang pagbibigay linaw, ang bawat komunidad ay nagbibigay sa kabuoang gastusin sa lahat ng sangay at antas ng MLC’s.
- 3.6. Upang mabuhay at lumago bilang isang komunidad, bawat grupo ay dapat na bukas at handing ibigay ang sarili sa anumang mga pagsubok. Ito ay nangangailangan ng pormasyon, panalangin, at maghanap ng gabay at mga kakailanganin.
- 3.7. Nakikita naming na ang importansya ng pormasyon ay kinakailangan sa karisma ng Marianista. Ito ay nagtuturo sa paglago ng bawat



komunidad. Sa pamamagitan ng paghubog, ang bawat myembro ay di nagbibigay pansin sa personal na pangangailangan at mas nakatuon sa misyon at sa pangangailangan ng iba.

- 3.8. Bawat grupo ay isang misyon mismo at ang bawat myembro nito ay mga misyonaryo, lalo na kung nagtatrabaho upang lumikha at palaguin ang issang komunidad.

#### **4. KAMI AY ISANG PAMAYANAN SA “PANGHABAMBUHAY NA MISYON”**

- 4.1. Sa Pentekostes, si Maria, sa gitna ng naunang komunidad ng simbahan, ay tumulong na maitaguyod ang pananampalataya, panalangin at mga paniniwala ng Espiritu. Siya nag nagsilbing modelo ng mga apostoladong spiritual kung saan ang misyon ay inilarawan sa ebanghelyo.

- 4.2. Ang aming komunidad ay di lamang para sa kanilang komunidad kundi amin itong ipinapahayag sa espiritu ng misyon at sa pakikipagtulungan at pakikiisa sa buong mundo.

- 4.2.1. Inihahanda kami ng aming mga karanasan sa komunidad para sa misyon.

- 4.2.1.1. Binubuksan kami ng panalangin sa mga gawa ng Diyos at pinapaangat ang aming pagtuon ng pansin sa mga pangangailangan ng iba.

- 4.2.1.2. Ang paghubog sa amin ay nagbibigay ng kalaliman sa aming pagkakintindi sa pag-ibig ng Diyos para sa lahat at sa kinakailangang kalayaan.

- 4.2.1.3. Ang buhay sa komunidad ay nagpapalalim, nagbibigay buhay sa aming relasyon sa isa't-isa.

- 4.2.2. Sumusuporta kami sa pagsali ng aming mga kasapi sa iba't-ibang ministeryo sa buog mundo.

- 4.2.2.1. Bilang mga misyonaryo ni Maria kami ay mga komunidad na nagtatayo sa mga gawaing kami ay kasapi.

- 4.2.2.2. Inaanyayahan naming ang bawat myembro na isabuhay ang Ebanghelyo sa publikong antas.

- 4.2.2.3. sumusuporta kami sa mga palagiang gawa ng misyon ng mga myembro, ng ibang komunidad, ng Simbahan, at ng Mundo.



4.2.2.4. Kami ay bukas at sumusuporta sa mga bagong apostolikong pamamaraan.

4.3. Sa pamamagitan ng pag-awit ng Magnificat ni Mary, an gaming komunidad ay bukas sa Espiritu, na makibaka laban sa kawalan ng hustisya, at ipakalat ang mensahe ng kalayaan at pag-asa.

4.3.1. Kami ay nakikiisa sa mga mahihirap at sa mga naapi at kami;y nagtatrabaho para sa hustisya at kapayapaan. Ipinapaalam ang katarungan, ang mga pagbabago, mga pangkalahatang relasyon at kapaligiran.

4.3.2. Nagbibigay kami ng pansin sa pagsimula at patagalin ang mga MLC's kung saan ang mga kabataan ay bukas loob na tinatanggap.

4.3.3. Ang aming diwa bilang isang pamilya at ang pagttulungan ng bawat myembro ng Pamilyang Marianista ay ang aming handog o tulong sa pagbabago na Simbahan.

## **5. KAMI AY ISANG PANDAIGDIGANG PAMAYANAN**

5.1. Ang mga MLC's ay mga pamayanan sa isang malaking pamayanan ng Pamilyang Marianista, kung saan kasapi ang apat na sangay nito; Ang Alliance Mariale, Ang Daughters of Mary Immaculate, Ang Marianist Lay Communities, at ang Society of Mary.

5.2. Ang mga MLC's ay binuo sa iba't –ibang antas: lokal, national, rehiyonal at international. Ang lahat ng myembro ay inaanyayahang lumahok sa bawat antas.

5.3. Ang mga komunidad na di gaanong nakalabas o isolated ay kulang. Sa pamamagitan ng mga grupong national, bawat MLC ay nakaugnay sa ibang MLC's sa bansa nito o rehiyon at sa pamamagitan ng International Organization of Marianist Lay Communities, kasama ng mga MLC's sa buong mundo. Kaya ang bawat komunidad ay may sapat na pandaigdigang pananaw di lamang sa mga pangangailangan ng lokal na komunidad.

5.4. Ang bawat Marianistang Pamayanan ay Lokal at Unibersal. Ang bawat komunidad ay gumagawa sa lokal na antas subalit nagbabahaginan sa pagpupunyagi ng buong Pamilyang Marianista upang dalhin si Kristo sa mundo gaya ng ginawa ni Maria.

5.5. Lumalahok ang MLC sa paghubog ng konseho sa Pamilyang Marianista sa lokal, rehiyonal at pandaigdigang antas at nakikilahok ng buong-buo bilang mga myembro. Ang aming realsyon sa ibang sangay ng Pamilyang Marianista ay nakaugat sa kapatiran, pagkapantay-pantay, respeto sa kaibahan at pagbabago. Sa paraang ito, kami ay naging saksi sa pananaw ng aming mga tagapagtaguyod.

**ANG PAMAYANANG LAYKONG MARIANISTA AY ISANG  
PANDAIGDIGANG KRISTIYANONG PAMAYANAN NA NAKIKIISA SA  
MISYON NI MARIA UPANG DALHIN SI KRISTO SA MUNDO.**



*• Document ratified by the General Assembly at the Third International Meeting of the Marianist Lay Communities which took place in August 2001 in Philadelphia, United States of America.*